

## TUNGKOL SA IMPORMASYON SA BAKUNA

# Bakuna sa Td

*Ano ang Kailangan Mong Malaman*

(Tetano at  
Dipterya)

Maraming mga Pahayag tungkol sa Impormasyon sa Bakuna ang makukuha sa Espanyol at iba pang mga wika. Tingnan ang [www.immunize.org/vis](http://www.immunize.org/vis)

## 1 Bakit kailangang magpabakuna?

Ang **Tetano** at **dipterya** ay napakalubhang mga sakit. Bihira ang mga iyon ngayon sa Estados Unidos, ngunit ang mga taong nahawahan ay kadalasang nagkakaroon ng malalang mga komplikasyon. Ang bakuna sa Td ay ginagamit upang protektahan ang mga kabataan at matatanda mula sa parehong mga sakit na ito.

Ang parehong tetano at dipterya ay mga impeksyon dulot ng bakterya. Ang dipterya ay kumakalat mula sa isang tao patungo sa ibang tao sa pamamagitan ng pag-ubo o pagbaging. Ang tetano na dulot ng bakterya ay pumapasok sa katawan sa pamamagitan ng mga hiwa, mga gasgas, o mga sugat.

Ang **TETANO** (Paninigas ng Panga) ay nagiging sanhi ng masakit na paninikip at paninigas ng kalamnan, karaniwan sa buong katawan.

- Maaari itong humantong sa paninigas ng mga kalamnan sa ulo at sa leeg kung kaya't hindi mo maibuka ang iyong bibig, makalulun, o minsan kahit na ang makahinga. Ang tetano ay pumapatay sa 1 sa 5 taong nalalinalin.

Ang **DIPTERYA** ay maaaring magdulot ng pagkakaroon ng makapal na balat sa likod ng lalamunan.

- Maaari itong maging sanhi ng mga problema sa paghinga, pagkaparalisa, pagpalya ng puso, at pagkamatay.

Bago ang mga pagbabakuna, mayroong halos 200,000 na mga kaso bawat taon ng dipterya at daang-daang kaso ng tetano sa Estados Unidos. Mula ng magsimula ang pagbabakuna, ang mga kaso ng parehong sakit ay bumaba nang halos 99% .

## 2 Bakuna sa Td

Ang bakuna sa Td ay maaaring protektahan ang mga kabataan at mga matatanda mula sa tetano at dipterya. Ang Td ay karaniwang ibinibigay bilang kasunod na dosis sa bawat 10 taon ngunit maaari rin itong ibigay nang mas maaga pagkatapos ng malala at maruming sugat o paso.

Bibigyan ka ng iyong doktor ng higit pang impormasyon.

Ang Td ay maaaring ibigay ng ligtas sa parehong oras kasabay ng ibang mga bakuna.

## 3 Ang ilang tao ay hindi dapat bigyan ng bakunang ito

- Kung ikaw ay nagkaroon ng agaw-buhay na reaksyon ng alerdye matapos mabigyan ng dosis ng bakuna na may alinman sa tetano o dipterya, O kung nagkaroon ka ng malalang alerhiya sa anumang bahagi ng bakunang ito, hindi ka dapat bigyan ng Td. *Sabihin sa iyong doktor kung mayroon kang anumang malalang mga alerdye.*
- Kausapin ang iyong doktor kung ikaw ay:
  - may himatay o iba pang problema sa nervous system ,
  - nagkaroon ng *malubhang* sakit o pamamaga matapos na mabigyan ng anumang bakuna na may dipterya o tetano,,
  - nagkaroon ng Guillain Barré Syndrome (GBS),
  - masama ang pakiramdam sa araw ng nakatakdang pagtuturok.

## 4 Mga Peligro sa reaksyon ng bakuna

Sa bakuna, katulad g anumang medisina, ay maaaring magkakaroon ng mga side effect. Ang mga ito ay kadalasang hindi malala at nawawala nang kusa.

Ang malalang mga side effect ay posible rin, ngunit napakabihira.

Karamihan sa mga taong binabakunahan ng Td ay walang anumang problema rito.

**Mga Hindi Malalang Problema** kasunod ng Td (*Hindi humadlang sa mga aktibidad*)

- Pananakit kung saan tinurukan (mga 8 tao sa 10)
- Pamumula o pamamaga kug saan tinurukan (mga 1 tao sa 3)
- Sinat (mg 1 tao sa 15)
- Sakit ng ulo o Pagkapagod (hindi karaniwan)

**Katamtamang Mga Problema** kasunod ng Td (*Humadlang sa mga aktibidad, ngunit hindi kailangan ng atensyong medikal*)

- Lagnat na lampas 102°F (bihira)

**Malalang Mga Problema** kasunod ng Td (*Hindi kayang magsagawa ng karaniwang mga aktibidad; kailangan ng atensyong medikal*)

- Pamamaga, malubhang sakit, pagdurugo at/o pamumula sa braso kung saan tinurukan (bihira).



U.S. Department of  
Health and Human Services  
Centers for Disease  
Control and Prevention

## Mga problema na maaaring mangyari pagkatapos ng anumang bakuna:

- Ang maikling pagkawala ng malay ay maaaring mangyari pagkatapos ng anumang medikal na pamamaraan, kabilang ang pagbabakuna. Ang pag-upo o paghiga ng mga 15 minuto ay makatutulong na maiwasan ang pagkawala ng malay, at pinsalang dulot ng pagkatumba. Sabihin sa iyong doktor kung nahihilo ka, o may pagbabago sa paningin o tumutunog ang mga tainga.
- Ang matinding sakit sa balikat at nabawasang saklaw ng paggalaw sa braso kung saan ang turok ay isinagawa ay maaaring mangyari nang napakabihira pagkatapos ng bakuna.
- Ang matinding reaksiyon sa alerdye mula sa bakuna ay napakabihira, tinatayang mas mababa sa 1 sa milyong dosis. Kung ang isa ay maganap, ito ay karaniwang sa loob ng ilang minute hanggang sa ilang oras pagkatapos ng bakuna.

## 5 Paano kung may malubhang reaksiyon

### Ano ang aking hahanapin?

- Hanapin ang anumang bagay na inaalala mo, tulad ng mga tanda ng malalang reaksiyon sa alerdye, napakataas na lagnat, o pagbabago ng ugali.

Kabilang sa mga tanda ng malubhang alerdyek na reaksiyon ang pamamantal, pamamaga ng mukha at lalamunan, kahirapan sa paghinga, mabilis na tibok ng puso, pagkahilo, at panghihina. Ang mga ito ay karaniwang nagsisimula ilang minuto hanggang sa ilang oras pagkatapos ng bakuna.

### Ano ang dapat kong gawin?

- Kung sa tingin mo na ito ay malubhang alerdyek na reaksiyon o iba pang emerhensiya na hindi makapaghihintay, tumawag sa 9-1-1 o dalhin ang tao sa pinakamalapit na ospital. O di kaya'y tawagan ang iyong doktor.
- Pagkatapos, ang reaksiyon ay dapat iulat sa Vaccine Adverse Event Reporting System (VAERS). Maaaring ang iyong doktor ang mag-ulat nito, o maaari mong gawin ito mismo sa pamamagitan ng VAERS web site sa [www.vaers.hhs.gov](http://www.vaers.hhs.gov), o sa pagtawag sa **1-800-822-7967**.

*Ang VAERS ay para lamang sa pag-uulat ng mga reaksiyon. Hindi sila nagbibigay ng payong medikal.*

DCH-0471T

AUTH: P.H.S., Act 42, Sect. 2126.

6

## Pambansang Programa sa Pagbabayad Pinsala sa Bakuna

Ang Pambansang Programa sa Pagbabayad sa Pinsala sa Bakuna O National Vaccine Injury Compensation Program (VICP) ay pederal na programa na nilikha upang bayaran ang mga tao na napinsala ng ilang mga bakuna.

Ang mga taong naniniwala na napinsala sila ng bakuna ay maaaring matuto ng tungkol sa programa at maghain ng paghahabol sa pamamagitan ng pagtawag sa **1-800-338-2382** o pagbisita sa website ng VICP sa [www.hrsa.gov/vaccinecompensation](http://www.hrsa.gov/vaccinecompensation).

7

## Paano ako matututo ng higit?

- Tanungin ang iyong doktor.
- Tumawag sa iyong lokal o tanggapan sa kalusugan ng estado. 1-888-767-4687  
Tumawag sa Sentro sa Pagkontrol at Pagpigil sa Sakit (CDC):
  - Tumawag sa **1-800-232-4636 (1-800-CDC-INFO)**
  - Bisitahin ang website ng CDC sa [www.cdc.gov/vaccines](http://www.cdc.gov/vaccines)

Upang pahintulutan ang (mga) tagapagkaloob ng pangangalagang medical ng tumpak na impormasyon tungkol sa kalagayan ng panlaban sa sakit o pagbabakuna, pagtaya sa panlaban sa sakit, at isang inirerekomendang palatuntunan ng pagbibigay sa hinaharap ng panlaban sa sakit, ang impormasyon ay ipapadala sa Michigan Care Improvement Registry (Talaan ng Pagpapahusay ng Pangangalaga ng Michigan). Ang mga tao ay may karapatang humiling na huwag magpadala ng impormasyon sa Talaan ang kanilang tagapagkaloob ng pangangalagang medical.

Vaccine Information Statement (Interim)

**Td Vaccine**

Tagalog

2/04/2014

42 U.S.C. § 300aa-26

Office Use Only



Translation provided by the California Department of Public Health